INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

# Etnograpikong Pagsusuri sa mga Akdang Katutubo ng mga Ayta

**DHANA ROSE B. DEMATE**

**CATHERINE N. LUMANTA, PhD**

Pangasinan State University

*Abstract* — Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang epekto ng migrasyon sa mga akdang katutubo ng mga Ayta. Kuwali-kuwantitatibong etnograpikong disenyo ang ginamit upang mailarawan at masuri ang panitikang-bayan. Sa pamamagitan ng pakikipanayam, sa tulong ng gabay na tanong nakalap ang mga nanatiling akdang katutubo ng 14 migranteng Ayta sa Sta. Cruz, Zambales. Samantala, talatanungan o likert scale ang ginamit sa 15 lokal na katutubong Ayta sa Botolan, Zambales, na sumuri sa pagbabago ng mga panitikang-bayan bunga ng migrasyon, may kabuuang 29 katutubong Ayta sa Zambales. Sa pamamagitan ng naratibong pag-aanalisa at mga estadistikang datos, natuklasan na karamihan sa mga katutubong Ayta ay walang pormal na edukasyon, nagmula sa Botolan, Zambales, 15-19 taon ng naninirahan sa Sta.Cruz, Zambales, nasa edad 60-69 at pagputok ng bulkan ang naging pangunahing dahilan ng migrasyon. Sa epekto ng migrasyon sa kanilang karanasan, paniniwala at pagpapahalaga,lumalabas na bago maganap ang migrasyon ang mga Ayta ay may matatag na panitikan, pamumuhay at tradisyon na nakasentro sa kalikasan. Ngunit dulot ng pagputok ng Mt. Pinatubo noong 1991, unti-unting humina ang pagsasalin, maging sa sistema ng pamumuhay nagbago dulot ng pakikiangkop sa bagong lipunan. At mula sa resulta nakabuo ng talaan ng antolohiya ng mga katutubong Ayta sa Zambales. Ang paglulunsad ng programang i-digitalize ang mga akdang katutubo sa iba't-ibang multimedia platforms, pagpapasa sa national bookstore, isama sa lokal na kurikulum at ipagpatuloy ang pag-aaral sa iba pang uri ng panitikang-bayan upang mapanatili, mapreserba at maipakikilala ang mga akdang katutubo ng mga Ayta.

***Keywords: Etnograpiko, Migrasyon, Panitikang-Bayan, Katutubo, Antolohiya, Ayta***

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

# I. INTRODUCTION

Sa lalawigan ng Zambales, karaniwan sa bayan ng Botolan matatagpuan ang mga katutubong Ayta. Ang mga katutubong mayaman sa kultura, tradisyon,paniniwala at panitikan. Ngunit sa hindi inaasang pangyayari dulot ng sakuna at iba't ibang mga kadahilanan, umalis sa dating tahanan ang mga katutubong Ayta. Ayon kina Zabala (2018) sa kanilang pag-aaral sa The Migrated Indigenous People (AETAS), na noong Hunyo 1991 napilitang lumikas ang karamihan sa mga katutubong Ayta dahil sa pagputok ng Bulkang Pinatubo. Sa iba't-ibang lalawigan at bayan nailikas ang katutubong Ayta, kabilang na riyan ang bayan ng Sta.Cruz, Zambales. Dagdag pa, isang malaking hamon sa mga katutubo kung paano nila mapapanitili ang kanilang mga kultura, paniniwala, at identidad sa kabila ng kanilang mga karanasan at pakikiangkop sa bagong lipunan dulot ng migrasyon (Lontoc,2020). Gayundin sa pananaliksik na isinagawa nina Rosale-Viray at Viray (2024), na ang mga katutubo ay humaharap sa hamon ng adaptasyon at sa pakikisalamuha sa bagong lipunan naapektuhan ang kanilang mga tradisyonal na kaalaman at nakasayan. Dahil rin sa dihital na henerasyon, urbanisadong lipunan at iba't ibang pananaw, nakababahala kung paano mapapanatili ang katutubong kaalaman, tulad ng panitikang-bayan ng mga katutubong Ayta.

Mahalaga ang pagsasaalang-alang sa mga kultural na konteksto ng mga katutubong Ayta upang hindi mawala ang kanilang sariling kultura habang nakikiangkop sa mga makabagong sistema sa lipunan. Sa pag-aaral ni Gonowon (2023), ang edukasyon para sa mga katutubo ay maaring magpatibay o di kaya'y magdulot ng pagkawala ng kultura at identidad, gayundin ang mga programang poprotekta sa mga kultura ng mga katutubong Ayta. Mahihinuha sa pahayag na ang pagpapanatili ng kultura at panitikan ng mga katutubo Ayta'y nakadepende sa kung paano nila malalaman ang kahalagan at yaman ng kanilang sariling identidad.

Ayon nga kay Grey (2021), tunay na ang mga katutubo at mga etnikong pamayanan sa Pilipinas ay humaharap sa hamon ng pagbabago sa lipunan ngunit may kanya-kanyang mga pamamaraan sa kung paano nila napapanatili ang tradisyon, paniniwala at kanilang identidad. Bilang karagdagan, mula sa pag-aaral ni Espiritu (2018), masasalamin kung paano pinahahalagahan ng mga katutubong Ayta ang kanilang kultura't panitikan sa kabila ng migrasyon, ngunit isang malaking hamon sa kung paano sabay na isinasagawa at pinapanatili ang kanilang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

mga paniniwala, panitikan, kultura at identidad sa kabila ng mga bagong pananaw na kanilang nararanasan.

Kung kaya't layunin ng pag-aaral na ito na malaman kung ano ang mga napanatiling panitikang-bayan, paniniwala at kultura ng mga katutubong Ayta sa kabila ng migrasyon at pagbabagong dulot ng lipunan. Sa loob ng tatlumpu't limang taon mula ng sapilitang paglipat hanggang sa kasalukuyan. Ano pang mga akdang katutubo – alamat, kasabihan, awiting-bayan at paniniwala, ang napanatili ng mga migranteng katutubong Ayta sa Sta. Cruz at Botolan, Zambales. Mula sa mga tugon ng mga kalahok bumuo ng isang "Talaan ng Antolohiya ng mga Katutubong Ayta", isang aklat na salamin ng karanasan, paniniwala at pagpapahalaga, isang talaan ng yaman upang mapreserba ang panitikang-bayan, kultura at identidad ng mga katutubong Ayta.

**Literature Review**

Ang panitikang-bayan ay koleksiyon ng mga kaalaman, kasaysayan at kultura ng isang lipunan. Ngunit, ang panitikan ng mga pangkat-etniko tulad ng katutubong Aeta ay nanganganib na mawala dulot ng globalisasyon, migrasyon at modernisasyon. Ayon kay, Paguio at Dela Rosa (2020) mayroong banta sa pasalitang literatua ng mga Aeta Magbukon, subalit hindi nangangahulugang tuluyan itong namamatay, sakadahilanang may mga mekanismong ginagamit. Isa sa pamamaraang ito ang pagtuturo sa kabataan at dokumentasyon ng mga panitikan at kultura. Bilang karagdagan sa hamong ito, binigyang-diin ni Paredes (2017) ang migrasyos at diaspora ay may dalawang mukha ang pagiging isang hamon at banta sa panitikan at kultura, gayon din ang pagbubukas ng oportunidad na maibahagi sa iba ang katutubong panitikan at kultura. Nilinaw ni Ramos (2015) ang pasalitang panitikan ay hindi lamang isang sining kundi daluyan ng kasaysayan at identidad ng isang pangkat o lipunan.

Isa sa naging dulot ng migrasyon ang pagbubukas ng mga pagkakataon sa mga katutubong Aeta, pinatunayan ito ni Rogayan (2019) na kung saan ang mga katutubong Aeta ay pumapasok sa mga unibersidad. Ngunit nakararanas ng tensyon sa kanilang katutubo, gayon din sa pagtanggap sa mga makabagong sistema ng edukasyon na mayroong tiyak na epekto sa panitikan. Pinatuyan iyan ni Regaspi (2025) ang hamon ng edukasyon sa katutubo na nangangailangan ng lubos na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

suporta ng mga magulang upang mapanatili ang identidad ng mga katutubo sa Botolan, Zambales. Dahil dito nagsagawa ng sistematikong dokumentasyon si Delarosa (2016) upang maisalba at mapanatili ang panitikang-bayan ng mga katutubong Magbukon.

Ang School of Living Tradition ng mga katutubong Aeta sa Bataan ang patunay na sinisikap ng mga katutubo na maisalba ang kanilang mga kultura, kung kaya't mayroong ganitong paaralan na nagtataguyod ng kultura at panitikan ng mga katutubo (David, 2021a). Kung papansinin isa itong mekanismo sa pagpapalaganap ng pasalitang tradisyon, ang ganitong hakbang ang tugon sa banta ng pagkawala ng panitikang-bayan at kultura ng mga Aeta (Lantaya, Bonifacio, Jabagat, Ilongo, Lucday at Maluenda, 2023). Sa isa pang pagsusuri ni (David, 2021b) na tinawag niyang ethnocide o pagkawa ng kultura ng mga Aeta Magbukon na epekto ng akulturasyon at asimilasyon. Nagkaroon ng pandaigdigang pagsusuri sa migrasyon sa kasaysayan ng mga Aeta na inilathala sa PMC (2021) sa loob ng 50,000 taon. Ang mga kontekstong ito higgil sa literatura ng mga katutubong Aeta ay may mga natatanging pinagmulan, patukoy pa rin ang kanilang pakikibaka sa kanilang lupang pinagmulan at kanilang karapatang pangkultura. Samakatuwid, ang koleksyon ng kuwento, awit at iba't ibang akda ng mga katutubo ay salamin ng kanilang kasaysaysan, kultura at pakikipaglaban sa pagpapanatili ng panitikan, identidad ng mga katutubo sa gitna ng migrasyon.

**Statement of the Problem**

Ang pangunahing suliranin sa pag-aaral na ito ay malaman ang epekto ng migrasyon sa panitikang-bayan ng mga katutubong Ayta. Gayundin, ang pagsagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang demograpikong propayl ng mga kalahok batay sa sumusunod:
    - A. Katutubong Ayta sa Sta.Cruz, Zambales
        - a.1. Edad;
        - a.2. Antas ng edukasyon;

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

a.3. Orihinal na tirahan;

a.4. Sanhi ng Migrasyon; at

a.5. Bilang ng Taon ng pananatili sa Sta.Cruz, Zambales?

B. Katutubong Ayta sa Botolan, Zambales

b.1. Edad;

b.2. Antas ng Edukasyon; at

b.3. Tungkulin sa Komunidad?

2. Ano ang mga naging epekto ng migrasyon sa panitikang-bayan ng mga katutubong Ayta sa Sta. Cruz, Zambales, batay sa mga sumusunod:

2.1. Karanasan;

2.2. Paniniwala; at

2.3. Pagpapahalaga?

3. Ano ang mga pagbabago sa mga panitikang-bayan ng mga Ayta bunga ng migrasyon?

4. Ano ang kaugnayan ng demograpikong propayl ng mga katutubong Ayta sa Botolan, Zambales sa mga pagbabago sa mga panitikang-bayan ng mga Aeta bunga ng migrasyon?

5. Ano ang mabubuong antolohiya ng panitikang-bayan batay sa resulta ng pag-aaral?

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

# II. METHODOLOGY

Sa kabanatang ito ay inilalahad at tinatalakay ang pag-aaral na naglalaman ng disenyo ng pananaliksik, populasyon at lokasyon paraan ng paglikom ng datos at instrumentasyon na magiging batayan sa paksa ng pananaliksik.

**Research Design and Strategy**

Layunin ng pananaliksik na ito ang panatilihin ang piling panitikang-bayan at bumuo ng koleksiyon ng antolohiya ng mga katutubong Ayta sa kabila ng kanilang migrasyon o paninirahan sa bayan ng Sta. Cruz, Zambales, ito'y isinagawa sa pamamagitan ng komparatibong pagsusuri sa mga piling panitikang-bayan sa Botolan, Zambales. Ang disenyong ginamit sa pananaliksik upang makalap at masuri ang mga datos na kinakailangan ay ang Kwatitabo at kwalitatibong etnograpikong disenyo na nakabatay sa deskriptibong metodo, angkop sa masistemang maiproseso ang pananaw, karanasan, panitikang-bayan at masuri ang epekto ng migrasyon sa panitikan ng mga katutubong Ayta (Creswell at Poth, 2018). Bilang estratehiya sa pangangalap ng datos sa pananaliksik, ang pakikipanayam ang unang pamamaraang ginamit upang makolekta ang mga nanatiling Alamat, awiting-bayan at kasabihan, mula sa mga tugon ng mga kalahok sa Sta.Cruz, Zambales, bumuo ng unang sipi ng Antolohiya at ipinasuri sa mga katutubong Ayta sa Botolan,Zambales sa pamamagitan ng Kwatitabong Disenyo na gumamit ng Survey Checklist na angkop sa pagtukoy kung may pagbabago sa piling panitikang-bayan ng mga katutubong Ayta, ito ang naging batayan sa pagbuo ng  Antolohiya (Given, 2008; Saldaña,2021).

Sa pamamagitan ng disenyo at angkop na mga pamamaraan nakalap ang mga datos na kinakailangan sa pag-aaral upang mapanatili ang kultura, identidad at piling panitikang-bayan ng mga katutubong Ayta sa Sta. Cruz, Zambales at Botolan, Zambales.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Population and Locale of the Study**

Isinagawa ang pag-aaral sa Lalawigan ng Zambales, Bayan ng Sta. Cruz at Botolan, Zambales. Ang mga pangunahing kalahok sa pag-aaral ay (1) mga katutubong Ayta na naninirahan sa Brgy. Lomboy, Sta. Cruz, Zambales at Botolan, Zambales, (2) ang mga nakatatanda at lider na nasa edad 40 pataas, at (3) katutubong Aeta na labing-limang taon pataas ng naninirahan sa Sta. Cruz, Zambales at Botolan, Zambales.

Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng kalahok. Ang purposive sampling ay angkop kung ang mga kalahok ay pipiliin batay sa kanilang ambag, kaugnayan at kahalagahan sa paksa (Etikan, Musa, at Alkassim, 2016). Kung kaya't ang mananaliksik ay namili ng labing-limang (15) nakatatanda na nasa edad 40 pataas na may malawak na kaalaman at karanasan sa piling panitikang-bayan, na labing-limang taon pataas ng naninirahan sa Brgy. Lomboy, Sta. Cruz, Zambales, ngunit sa personal na kadahilanan ng pang-labing limang kalahok. Hindi siya nakadalo sa araw kung saan ay kinakailangan niyang pumirma sa resolusyon at kasuduan sa pangunguna ng NCIP, kung kaya't mula sa labing limang 15 kalahok ay naging 14 na lamang.

Ganoon din sa Botolan, Zambales, pumili ng labing-limang (15) kalahok na nasa edad 40 pataas na may malawak na kaalaman sa piling panitikang-bayan, alamat, awiting-bayan at kasabihan, na pagkukumparahan ng nakalap na datos sa Sta. Cruz, Zambales. Sa kabuuan tinayang dalawamput siyam na (29) kalahok ang pinagmulan ng datos ng pag-aaral. Sila ay boluntaryong nakiisa sa gagawing pananaliksik. Ang mga nakakalap na datos ang naggsisilbing daan sa pagbuo ng antolohiya daluyan upang mapreserba ang mga piling panitikang-bayan ng mga Aeta.

Sa kabilang banda, ang nabuong antolohiya ng mga piling panitikang-bayan mula sa Sta. Cruz at Botolan, Zambales ay dumaan sa balidasyon ng mga eksperto upang tayahin ang antas ng pagtanggap ng awtput. Ang pasok sa krayterya ay ang sumusunod: Katutubong Ayta na nakapagtapos ng kursong pagiging isang guro, nagtuturo ng kahit anong asignatura na may kinalaman sa malikhaing pagsulat at batid ang wika at panitikan ng mga Aeta, nagtataguyod sa mga katutubong Ayta na may malawak na kaalaman sa kanilang panitikang-bayan ng Katutubong Ayta, ang NCIP sa Botolan, Zambales.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Data Gathering Tool**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng dalawang uri ng talatanungan. Una ang talatanungan para sa Kwalitatibong Pananaliksik na ang pangunahing instrumento ay Gabay na katanungan at pakikipanayam ang pamamaraang ginamit sa pangangalap ng mga inaasahang datos. Ang gabay na tanong ay para sa mga katutubong Ayta sa Sta. Cruz, Zambales, ito'y naglalaman ng; (a) propayl ng mga kalahok batay sa edad, antas ng edukasyon, orihinal na tirahan, sanhi ng migrasyon at Tagal ng paninirahan sa Sta. Cruz, Zambales; (b) gabay na tanong sa panayam batay sa karanasan, paniniwala at pagpapahalaga sa epekto ng migrasyon sa panitikang-bayan ng mga katutubong Aeta sa Zambales. Ayon kina Crewell at Poth (2018) sa kwalitatibong pananaliksik, ang mananaliksik ang pangunahing instrumento sa pangangalap at pagsusuri ng impormasyon sapagkat ito't nakapokus sa malalim na pag-unawa sa karanasan, kultura at pananaw ng kalahok.

Pagkatapos makalap ang nanatiling Alamat, awiting-bayan at kasabihan ng mga katutubong Ayta sa Sta. Cruz, ang mananaliksik ay bumuo na ng antolohiya ng panitikang-bayan. Ito ay ipinabalideyt ng mananaliksik sa mga katutubong Ayta na nasa Botolan, Zambales.

Ang pangalawang uri ng talatanungan ay para sa Kwantitatibong pananaliksik na kung saan sarbey ang pangunahing gagamitin upang matukoy ang antas ng pagbabago sa panitikang-bayan ng mga katutubong Ayta dulot ng migrasyon. Ang sarbey ay naglalaman ng propayl ng mga kalahok batay sa edad, antas ng edukasyon at tungkulin sa komunidad. Gayon din tema at nilalaman, paniniwala at tradisyon, pagpapahalaga at kultural na kakanyahan at Estilo at paraan ng pagpapahayag sa pagtukoy ng pagbabago ng panitikang-bayan bunga ng migrasyon.

Upang higit na sistematikong maisagawa ang pangangalap ng datos gumamit ang mananaliksik ng kasangkapan tulad ng; Una, ang Gabay na Tanong, ito ay nakabase sa bawat Suliranin ng pananaliksik na ito, naghanda ng mga tiyak na katanungan na ibibigay sa mga kalahok. Ngunit ang mga katanungan ay sasagutin ng kalahok depende sa kanilang pananaw, kaalaman at karanasan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

**Data Gathering Procedure**

Sa Pangangalap ng Datos ang unang (1) hakbang na isasagawa ay ang Pakikipag-ugnayan sa Region III National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) at NCIP sa Botolan Zambales na nangangalaga sa karapatan, kultura, tradisyon at panitikang bayan ng mga katutubo, upang igalang at masunod ang mga umiiral na regulasyon ng mga katutubong Ayta. Sinigurado ng mananaliksik na hindi malabag ang karapatang pantao ng katutubo, gayundin ang pagsunod sa regulasyon sa pangangalap ng datos. Ayon sa Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) o Republic Act 8371, may Karapatan ang mga katutubo na mapangalagaan ang kanilang kultura, tradisyon at panitikang-bayan at anumang pag-aaral na isasagawa ay kinakailangang may free and prior informed consent (FPIC) mula sa kanilang komunidad, na titiyaking gawin ng mananaliksik.

Ikalawang hakbang (2) Balidasyon ng Instrumentong gagamitin sa pangangalap ng datos na kinakailangan sa pananaliksik na ito. Ito sa ibinalideyt ng limang mahuhusay na Ekspeto. Ang dalawang Balideytor 2 Ekspertong mula sa NCIP Region 3 na batid ang regulasyon at Karapatan ng mga katutubong Ayta, upang matiyak kung ang mga tanong ay hindi lalabag sa karapatan ng mga katutubo Ayta. Ikatlong Balideytor 1 katutubong Ayta na nakapagtapos ng kursong pagiging isang guro sa kahit na anong asignatura, upang kanyang mataya kung sapat ba ang mga tanong upang masagot ang kailangan sa pananaliksik ba ito. At ikaapat at ikalimang Balideytor ay mga 2 Doktor sa Pilosopiya sa Edukasyong pangwika - Asignaturang Filipino na nagtuturo sa Kolehiyo at may mataas na kabatiran sa proseso sa pananaliksik, upang matulungan ang mananaliksik sa proseso at lohikal na kaayusan ng instumentong ginamit sa pangangalap ng datos.

Pagkatapos ng Balidasyon ng eskperto, ang ikatlong hakbang (3) ng mananaliksik ay bumuo ng liham-pahintulot sa Alkalde ng Sta.Cruz at Botolan Zambales, upang ipagbigay alam na magsasagawa ng pananaliksik sa mga piling katutubong Ayta. Liham Pahintulot sa mga Lider ng komunidad, upang mapayagang kapanayamin ang mga katutubo Ayta sa kanilang nasasakupan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## III. RESULTS AND DISCUSSION

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri at interpretasyon ng mga datos.

### PROPAYL NG MGA KALAHOK

Sa bahaging ito inilahad ang naging resulta ng pananaliksik para sa unang katanungan ng pag-aaral. Sinuri ang propayl ng mga kalahok na may kinalaman sa mga epekto ng migrasyon sa propayl na mga katutubong Aeta sa Sta.Cruz at Botolan, Zambales.

**TALAHANAYAN 1**
**PROPAYL NG MGA KALAHOK**

| Profayl | Kategorya | Frequency | Percentage |
|---|---|---|---|
| Edad | 40 - 49 | 7 | 50.00 |
| | 50 - 59 | 4 | 28.57 |
| | 60 - 69 | 3 | 21.43 |
| Antas ng Edukasyon | Walang Pormal na Edukasyon | 8 | 57.14 |
| | Elementarya | 2 | 14.29 |
| | Sekondarya | 3 | 21.43 |
| | ALS Graduate | 1 | 7.14 |
| Orihinal na Tahanan | Botolan | 13 | 92.86 |
| | San Felipe | 1 | 7.14 |
| Sanhi ng Migrasyon | Pagputok ng Bulkang Pinatubo | 10 | 71.43 |
| | Sosyo-Ekonomikong Oportunidad | 3 | 21.43 |
| | Pag-anyaya ng Kamag-anak | 1 | 7.14 |
| Bilang ng Taon sa Pananatili | 15 - 19 | 5 | 35.71 |
| | 20 - 24 | 5 | 35.71 |
| | 25 - 29 | 3 | 21.43 |
| | 30 - 34 | 1 | 7.14 |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa talahanayan 1 makikita ang resulta ng propayl ng mga katutubong Ayta sa Sta,Cruz, Zambales batay sa kanilang edad, antas ng edukasyon, orihinal na tahanan, sanhi ng migrasyon at bilang ng taon ng pananatili sa Sta.Cruz, Zambales.

**Edad.** Ipinapakita na labing-apat (14) ang kalahok sa pananaliksik. Karamihan ay nasa edad apatnapu hanggang apatnapu't siyam (40-49) na taong gulang na may pitong (7) kalahok o 50.00% porsyento. Sinundan ito ng edad limampu hanggang limamput't siyam (50-59) na may apat (4) na kalahok o 28.57% porsyento. At animnapu hanggang animnapu't siyam (60-69) ba may tatlong (3) kalahok o 21.43% porsyento. Ipinapakita base sa edad ng mga kalahok sa pananaliksik na ito, na sila ay mayroon ng sapat na karanasan at may malawak na pananaw sa pag-aaral na ito. Ang kanilang edad ang makagpapatunay sa kung ano na ang kalagayan ng kanilang panitikang-bayan sa kabila ng migrasyon (Okui, Sawada at Yoshida, 2021).

**Antas ng Edukasyon.** Ipinapakita na karamihan sa mga kalahok ay walang pormal na edukasyon na may (8) kalahok o 57.14% porsyento. Sinundan ito ng elementarya na may dalawa (2) kalahok o 14.29 % porsyento. Sa sekondarya na may tatlong (3) kalahok o 21.43% porsyento. At ALS Graduate na may isang (1) kalahok o 7.14% porsyento. Base sa resulta makikita na limitado ang akses sa edukasyon ng mga kalahok noong kanilang kabataan, na maaring makaapekto sa paghahanap nila ng opurtinadad sa pangkabuhayan at maaring maging salik sa mabagal na adaptasyon sa kanilang bagong komunidad. Ayon kay Darici (2023) ang edukasyon ang nagpapalawak ng pag-unawa at kakayahan sa pagsusuri at pagpapahalaga sa panitikan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**TALAHANAYAN 2**
**KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG TEMA SA PAGTALAKAY NG EPEKTO NG MIGRASYON SA PANITIKANG-BAYAN NG MGA KATUTUBONG AYTA SA STA. CRUZ, ZAMBALES**

| YUGTO | TEMA | | |
|---|---|---|---|
| | **Karanasan** | **Paniniwala** | **Pagpapahalaga** |
| Bago ang migrasyon | Tradisyunal na Pamumuhay Mt. Pinatubo | Pasalitang Panitikang-Bayan ng mga Katutubong Ayta | Paghubog ng Moralidad ng mga Katutubong Ayta |
| | Salamin ng lahi: Alamat ng mga katutubong Ayta | Ekspresyon ng paniniwala: Awiting-bayan ng mga katutubong Ayta | Daluyan Kultural na Pagpapahalaga: Kasabihan ng mga katutubong Ayta |
| Panahon ng Migrasyon | Pagkawasak at Sapilitang Paglisan | Pagbabago sa mga Pasalitang Panitikang-bayan | Paghina ng pagpapahalaga sa Tradisyunal na Kultura't Panitikan |
| Kasalukuyan | Sabayang Adaptasyon at Pagpapanatili: Tradisyunal at Makabagong Lipunan | Pagpili ng mga Paniniwalang Angkop sa Kasalukuyang Konteskto | Kalagayan ng Pagpapahalaga sa Bagong Lipunan |

Tala: Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang mga pangunahing tema na nabuo mula sa mga salaysay ng mga kalahok sa pananaliksik na ito. Sinuri ang magkakatulad na karanasan, paniniwala, at pagpapahalaga upang makabuo ng mga kategoryang makatutulong sa pag-unawa sa epekto ng migrasyon sa panitikang-bayan, partikular sa alamat, awiting-bayan at kasabihan. Ang mga temang ito ay inayos batay sa tatlong yugto upang makita ang pagbabago, pagpapatuloy, at pag-angkop ng mga katutubong Ayta. Ito ang magsisilbing batayan sa pagpapanatili ng kanilang panitikang-bayan, kultura at identidad, batayan sa pagbuo ng isang antolohiya ng mga katutubong Ayta sa Zambales.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**TALAHANAYAN 4**
**KARANASAN: TRADISYUNAL NA PAMUMUHAY SA MT. PINATUBO**

| Tema | Kalahok | Sagot |
|---|---|---|
| Bayanihan sa Pagtatanim | 1 | *"Sa Baytan, tulungan sa pagtatanim. Bayanihan ang tawag namin doon, na kung saan ang bayad sa isa't isa ay pagkain."* |
| | 2 | *"Masaya noon sa Baytan dahil sama-sama kaming nagtatrabaho at nagtutulungan sa lahat ng gawain."* |
| | 13 | *"Kaugalian po naming bago magtanim kailangan busog ang mga magtatanim para marami pong ani. Kaya kahit ano pong meron kami niluluto naming BAYANIHAN."* |
| | 14 | *"Karaniwang bayanihan o tobalo ang mga katutubong Aeta pagdating sa pagtatanim. Sagot ng nagtatanim ang maghapong pagkain ng mga nakikipag-bayanihan."* |
| Tradisyunal na Kabuhayan | 1 | *"Ang ikinabubuhay namin noon ay pangangaso, pagtatanim ng gulay, panghuhuli ng isda at pag-uuling. Ginagawang kanin ng mga katutubong Ayta ang laman ng nilagang kamote at ulam naman nito ang talbos ng kamote. Mas madali ang buhay noon kumpara sa ngayon."* |
| | 13 | *"Kung ano ang itinanim mo, iyo ang kakainin mo."* |
| | 2 | *"Ang mga katutubo ay nag-aalay ng unang bunga ng pananim sa Apo Namalyari upang sa susunod ay maging masagana ang kanilang pananim."* |
| | 4 | *"Ginagawang kanin ng mga katutubong Ayta ang laman ng nilagang kamote at ulam naman nito ang talbos ng kamote."* |

Makikita sa talahanayan 4 ang mga halimbawang kasagutan mula sa labing-apat na kalahok tungkol unang yugto bago ang migrasyon sa temang Karanasan: Tradisyunal na Pamumuhay sa Kabundukan. Mula sa mga kasagutan ay nabuo ang apat konsepto batay bayanihan sa pagtatanim;

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

tradisyunal na kabuhayan, Ugnayan sa kalikasan, espiritwal na ugnayan sa kalikasan at maagang pagsasanay sa mga kabataan.

Ang unang konsepto ay nagpapakita ng bayanihan na na nakabatay sa kultura ng mga katutubong Ayta sa kung paano ang sistema ng kanilang pamumuhay noon sa kabundukan. Ang sistemang bayanihan ay ang sama-sama at pagtutulungan ng mga katutubo, na walang bayad na salapi. Sa halip, sa kanilang konsepto ang kabayaran sa pagod ay ang pagbibigay ng pagkain. Batay nga sa mga katutubong Ayta, masaya ang kanilang buhay noong sila ay nasa Baytan Botolan dahil lahat sila'y sama-sama sa pagtatrabaho, maging babae man o lalaki. Ayon nga sa pag-aaral ni Lontoc (2020), ang mga katutubong Ayta ay nakatuon sa kanilang pamumuhay na kung saan ang nakaugat sa kanilang paraan ng pakikisalamuha sa lipunan at pagkakakilanlam. Ipinapakita ng mga katutubo na ang pagbabayanihan ay hindi lamang ito mekanismo o pamamaraan upang makayanan nila ang mga kahirapan sa kabundukan, kundi batayan din ito ng paghubog ng kanilang sariling pagkakakilanlan.

## IV. CONCLUSIONS AND RECOMMENDATIONS

Batay sa mga natuklasang nailahad, nabuo ng mananaliksik ang sumusunod na kongklusyon

Karamihan sa mga kalahok sa Sta. Cruz ay nasa edad 40-49, mas marami ang walang pormal na edukasyon, maraming nagmula sa Botolan, ang pinakapangunahing sanhi ng migrasyon ay ang pagputok ng Bulkan at maraming naninirahan sa Sta.Cruz Zambales sa loob ng 15-19 taon. Sa kalahok mula sa Botolan, karamihan nasa edad 60-69, maraming walang pormal na edukasyon at mas marami sa tungkulin ang miyembro ng tribal. Ipinapakita ng pag-aaral sa epekto ng migrasyon sa kanilang karanasan, paniniwala at pagpapahalaga ng mga katutubong Aeta, na kung saan ay nahahati sa mga sumusunod na yugto: bago ang migrasyon, Panahon ng migrasyon at sa kasalukuyan. Lumalabas sa karanasan bago ang migrasyon, na ang mga katutubong Aeta sa kanilang dating tirahan ay may matatag na mga kaugalain, tradisyunal na kabuhayan at ang kanilang buhay ay nakasentro sa kalikasan. Naipapahayag ang kanilang mga paniniwala sa pamamagitan ng pagdodoro,mga awiting-bayan na sumasalamin sa kanilang identidad at

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

espiritwal na pamumuhay. Samantala, ang kanilang paggalang ay nakabatay sa paggalang, disiplina at pagpapahalaga sa kalikasan at komunidad. Ang mga ito ang humubog sakanilang identidad bilang mga katutubong Ayta. Ngunit sa panahon ng migrasyon, dulot ng pagputok ng Pinatubo noong 1991, ang kanilang mga karanasan ay nagpapakita ng pangamba, pagkawala at pagkalayo sa kanilang lupang ninuno. Kung kaya't ang kanilang paniniwala ay unti-unti humina, gayundin sa kanilang pagpapahalaga sa ay naapektuhan dahil hindi naipapasa ang karamihan sa kanilang kultura. Sa kasalukuyan, ang kanilang mga karanasan ay kinakitaan ng pagbabago dahil sa pakikilalubilo sa mga unat. Sa Sistema sa trabaho, edukasyon at pakikiangkop sa lipunan. Lumalabas na ang kanilang mga paniniwala sa panahon ng migrasyon, na may mga piling tradisyon ang nagpapatuloy ngunit ang iba ay inaangkop sa makabagong konteksto. Samantalang sa konsepto ng pagpapahalaga, kakikitaan na sabayang ipinoproseso ng mga katutubo ang pagbabago at pagpapanatili sa kanilang mga panitikan,tradisyon at kultura. Natuklasang walang pagbabago sa tema at nilalaman, paniniwala at tradisyon,pagpapahalaga at kultural na kakanyahan, estilo at paraan ng pagpapahayag ng mga panitikang-bayan ng mga Aeta bunga ng migrasyon. Sa kaugnayan ng demograpikong propayl ng mga katutubong Aeta sa Botolan, Zambales sa mga pagbabago sa mga panitikang-bayan ng mga Aeta bunga ng migrasyon. Batay sa resulta walang makabuluhang kaugnayan ang edad at antas ng edukasyon sa pagbabago ng panitikang-bayan, walang makabuluhang kaugnayan ang tungkulin sa paniniwala at tradisyon, pagpapahalaga at kultural na kakanyahan, esilo at paraan ng pagpapahayag. Samantalang batay sa resulta sa propayl na tungkulin may makabuluhang kaugnayan ang tungkulin sa tema at nilalaman. Ang mananaliksik ay nakabuo ng talaan ng antolohiya na naglalaman ng sampung (10) alamat, labin-limang (15) na awiting-bayan, mga kasabihan at paniniwala. Batay sa mga natuklasan at kongklusyong inilahad, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod: Maglunsad ng programa na naglalayong i-digitalize ang panitikang-bayan ng mga katutubong Aeta upang mapreserba at mas maipakilala. Ang paggamit ng mga multimedia platforms ay makatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman sa kultura. Inirerekomenda sa isama sa mga lokal na kurikulum ang panitikang-bayan ng mga katutubong Ayta. Magamit ang antolohiya nilang materyales sa pagpapalalim ng kamalayan ng mga kabataan sa kultura ng mga katutubong Ayta. Ipagpatuloy ang pag-aaral ng mga panitikang-bayan tulad ng mga tula, sayaw,mito sa malawak sa aspeto ng kultura. Ilathala ang antolohiya at ipasa sa national book store upang magkaroon ng akses ang lahat sa kaalaman hinggil sa kultura ng mga katutubo. Bumuo ng programang magtataguyod sa mga kultura, tradisyon at panitikan ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

mga katutubong Ayta. At iminumungkahing bigyang akses ang lipunan upang mamulat sa katutubong kaalaman.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

## REFERENCES

[1.] Berkes, F. (2021). *Sacred ecology* (4th ed.). Routledge.

[2.] Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications. https://doi.org/10.1177/1049732305276687

[3.] Berkes, F. (2021). *Sacred ecology* (4th ed.). Routledge.

[4.] Finnegan, R. (2012). Oral literature in Africa (New ed.). Open Book Publishers. https://doi.org/10.11647/OBP.0025

[5.] Herskovits, M. J. (1982). Cultural relativism: Perspectives in cultural pluralism. Vintage Books.

[6.] Lowenthal, D. (1998). The heritage crusade and the spoils of history. Cambridge University Press.

[7.] Nennstiel, R. (2024). Indigenous ecological knowledge among the Aeta: A case study on sustainable living practices. Asian Journal of Indigenous Studies, 10(1), 35–50.

[8.] Simpson, L. B. (2021). *Indigenous Resurgence and Relational Accountability*. University of Minnesota Press.

[9.] Saldaña, J. (2021). The coding manual for qualitative researchers (4th ed.). SAGE Publications.

[10.] Telles, J. P. (Ed.). (2024). Indigenous media and popular culture in the Philippines: Representations, voices, and resistance. Springer. https://link.springer.com/book/10.1007/978-981-99-9101-3

[11.] Wilson, S. (2020). *Research is Ceremony: Indigenous Research Methods*. Fernwood Publishing.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved